# Toyooka Village Paghiwalay at Pagtapon ng Basurang Bahay • Basurang Recyclable

Siguraduhing isulat ang iyong pangalan o **telephone no.** sa nasusunog na basura(yellow plastic), at siguraduhing isulat ang iyong pangalan sa mga garbage bags na itinalaga ng city.

Mangyaring gamitin ang app na 「さんあ〜る」(Sanaaru) sa paghihiwalay ng basura.
Notification ng araw ng koleksyon ng basura
Madaling pag-check ng paghihiwalay ng basura

App Store / Google Play

## Inaba Clean Center


1526-1 Inaba, Shimohisakata, Iida City
☎0265-48-6648

Maaring direktang dalhin ang mga basurang malalaki o madaming basura kung mag babayad.
Business days: Monday to Friday (closed on Saturdays, Sundays, and New Year's holidays)
Reception hours: 8:30 a.m. hanggang 11:00 a.m./1:00 p.m. hanggang 4:30 p.m.
Bayad: 180 yen bawat 10kg

## Nasusunog na basura

Ilagay ang mga basura sa yellow plastic bag at ilabas ito sa collection box tuwing Linggo, Martes, at Huwebes.

- ●Basurang galing sa kusina (tanggalin ang tubig)
- ●Mga basahan, damit na hindi na magagamit uli
- ●Mga produktong gawa sa goma at leather
- ●Iba pa ((kairo)mga disposable warmer, desiccant, compresses, atbp.)
- ●Mga produktong gawa sa plastic na madumi, mga plastic containers at packaging
- ●Waste cooking oil (pinatigas ng kemikal)
- ●Produktong gawa sa kahoy ng puno(chopsticks, patay na sanga, atbp.)
- ●Waste paper




**Babala:**
Huwag maglagay ng mga produktong may built-in na baterya

## Plastic bottles

PET

Ilagay ito sa bag sa loob ng garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.

●Lalagyan ng inumin ●Lalagyan ng seasonings




① Hugasan ang loob ng plastik na bote
② Alisin ang takip at sticker ng label. (Itapon sa Plastic Resources)
③ Yupiin ito gamit ang iyong paa.
*Ang edible oil container ay hindi plastic bottle.
(Itapon sa Plastic Resources)



## Plastic Resources

Ang mga produktong plastik ay kasama na rin sa koleksyon. Ilagay ito sa garbage bag at dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw

**Babala:**
Huwag maglagay ng mga produktong may built-in na baterya

### Produktong plastik

- ●Ang produkto mismo ay gawa sa plastik
- ●Ang buong parte o malaking parte ay gawa sa plastic ●Hindi marumi
- ●Ang haba ng buong gilid ay nasa loob ng 50cm (kung ito ay mahaba, maaari mo itong gupitin)
- ●Mga plastik na kagamitan sa kusina tulad ng mga mangkok, lalagyan na Tupperware, at sponges
- ●Brush, wash basin, clothespins, straw, plastic tableware
- ●Plastic stationery tulad ng ballpen, ruler, clear files, atbp.
- ●Mga produktong lalagyan ng plastik gaya ng mga planter, plastic na timba, at mga basurahan
- ●Mga CD at DVD disc (kabilang ang mga plastic case)
- ●Mga produktong vinyl tulad ng mga kapote at float (hiwain ng maliliit na 50cm o mas maliit)

*Kahit maliit na metal, kung ito ay madaling i-disassemble, alisin at paghiwalayin ito.

Maaaring pagsama-samahin

### Plastic packaging na lalagyan


- ●Mga bag, mga packaging film
- ●Mga tasa
- ●Mga tubes
- ●Mga lalagyan ng pagkain tulad ng mga tray at mga lunch boxes sa convenience store
- ●Mga bote maliban sa mga plastik na bote
- ●Mga takip, mga label
- ●Styrofoam, cushioning material (bubble wrap, atbp.)




## Lalagyan ng papel at packaging

Sa itinalagang araw ilagay ito sa garbage bag at dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association

●Mga kahon ●Mga takip ●Mga paper bags at cardboard
●Mga tasa




① Alisin ang mga bagay na may plastic, vinyl, metal, atbp.
② Kung may mantsa, hugasan ang mga ito at patuyuing mabuti bago itapon.

## Mga bote

Itapon ang basura sa itinalagang station sa petsa at oras ng koleksyon para sa Di-nasusunog na basura..

●Mga bote ng inumin ●Mga bote ng pagkain ●Mga bote ng cosmetics





① Alisin ang crown cap, takip, taklob, atbp.
② Hugasan ang bote.
*Ang may puting bibig na mga bote, ceramic na bote, at mga heat-resistant na bote ay dapat itapon sa Di-nasusunog na Basura. Should be disposed as landfill waste.




## Old papers (mga newspapers/miscellaneous papers)

Itali itong pa-hugis krus at dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.

●Mga newspapers ●Miscellaneous papers



① Ang mga newpapers ay dapat igrupo sa mga newspapers lamang, at ang mga miscellaneous papers ay dapat igrupo sa mga miscellaneous papers lamang.
② Ang miscellaneous papers ay mga papel maliban sa mga lalagyan ng papel at packaging, tulad ng mga catalogs, magazine, flyers, pamphlets, sobre, plastic wrap, at toilet paper rolls.

## Karton

Itali itong pa-hugis krus at dalhin sa garbage collection area sa itinalagang araw.

●Karton




① Ipunin ang karton sa grupong karton lamang.
② Ang petsa at oras ng collection ay kapareho ng para sa mga bote ng Di-nasusunog na basura.

## Itatapon na home appliances

Dalhin ito sa Nakahira Shoten (Kono 332-1), telepono 0265-35-2011, sa itinakdang petsa at oras.

●Mga gamit sa bahay maliban sa 6 na appliances (clothes dryer, air conditioner, washing machine, TV, refrigerator, freezer)
●Tingnan ang "Garbage Sorting Guidebook" para sa mga bagay na maaaring itapon.
*Siguraduhing tanggalin ang mga batteries at fluorescent tubes.



## Home collection ng mga computer at maliliit na appliances sa bahay (may bayad)

Maaring mag-collect ang ReNet Japan Recycle Co., Ltd. ng maliliit na appliances sa bahay door-to-door gamit home collection. Kung gusto mong magpa-collect ng iyong mga item, sundin ang mga hakbang sa ibaba.




- ●Collect items: Mahigit sa 400 item kabilang ang mga computer, mobile phone, video/audio, mga gamit sa kusina, at mga gamit sa bahay.
- ●Presyo: 1,760 yen bawat karton box (kasama ang buwis)
- ●Ang laki ng karton ay dapat nasa loob ng 140cm ang total ng tatlong sides at nasa loob ng 20kg ang timbang.
- ● Kung may kasamang computer (main unit), **walang bayad** ang isang kahon.

## Aluminum cans

Ilagay ito sa aluminum can bag at dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.

●Aluminum cans ●Aluminum containers (Aluminum foil, aluminum cup, atbp.)




① Hugasan ang dumi sa loob ng container.
② Ang mga aluminum containers na hindi matanggal ang mantsa o langis ay itatapon bilang landfill

## Mga metal

Ilagay ang mga metal sa itinalagang bag at dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.

●Mga kaldero, kawali, atbp. ●Mga kutsilyo, gunting, cutter blades, atbp. ●Mga steel cans
●Mga spray cans
●Mga hanger/umbrella bones




*Siguraduhing butasin ang mga gas cylinders, spray cans ,cassette stoves para sumingaw ang gas bago itapon ang mga ito.

## Di-nasusunog na basura

Ilagay ang mga di-nasusunog na basura sa itinalagang bag at isulat ang pangalan sa bag na ito,dalhin sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.


●Mga basag,sira at sobrang maruming kitchenwares ●Incandescent bulbs, glow lamps, LED bulbs
●Glass products




## Maliit na rechargeable batteries

Maaaring i-charge at gamitin nang paulit-ulit

Mangyaring maglagay ng mga baterya ng nickel-cadmium, mga baterya ng nickel-metal hydride, at mga baterya ng lithium-ion sa kahon ng koleksyon na naka-set up sa seksyon ng konstruksiyon at kapaligiran ng city hall, o gamitin ang "recycling station" na bukas tuwing Linggo ng umaga.




Hindi pwedeng itapon ng ganito. Alisin ang rechargeable na baterya.



*Kung hindi mo maalis ang rechargeable na baterya, mangyaring itapon ito bilang Hazardous Waste upang maiwasan ang sunog.
Halimbawa, mga electric cigarettes, wireless earphone, electric shaver, electric toothbrush, handy fan, atbp.

## Oversized garbage (May bayad)

Ang malalaking basurang kagamitan sa bahay, kumot, atbp. na hindi maaaring basta itapon ay pwedeng kolektahin ng may bayad.Dalhin ang mga ito sa parking lot ng City Hall sa itinakdang petsa at oras at bayaran ito sa venue.



## Hazardous waste

Ilagay ang basura sa bawat container sa garbage collection area ng neighborhood association sa itinalagang araw.

- ●Mga baterya
- ●Fluorescent tube
- ●Mercury thermometer/thermometer
- ●Ink pad na may mercury
- ●Lighter ●Razor pencil sharpener
- ●Maliliit na home appliances na may mga rechargeable batteries na hindi maalis sa unit nito



*Ilagay ang mga sirang fluorescent tube sa isang plastic bag upang maiwasan ang anumang aksidente.
*Kapag nagtatapon ng disposable lighter, siguraduhing irelease muna ang gas. (Sumangguni sa garbage separation guidebook)


Contact information: Toyooka Village Hall, Construction Environment Division, Environment Section ☎35-9057 (Direct Line)